Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

10 Marso 2019 | Unang Linggo ng Kuwaresma | Taon K

LINGGO NG MGA MANDARAYUHAN

Ang mga Tuksong Susubok sa Tunay na Pagsunod sa Diyos

Tayo ay nasa Unang Linggo ng Banal na Panahon ng Kuwaresma. Ang paksa ng mga pagbasa ay ang panunukso sa Panginoong Hesus. Ang pagsubok kay Hesus ay hindi upang talikdan niya ang nais ipagawa ng kanyang Ama, na walang iba kundi ang pagtatatag ng kanyang Paghahari. Ang mga tukso sa kaniya ay upang ibahin ang paraan ng pagtupad sa kalooban ng kanyang Ama. Ang nais ng diyablo ay iwanan niya ang daan ng krus at piliin ang higit na madaling daan. Ang pagwawagi ni Hesus sa mga tukso ay ang kanyang pasyang gawin ang nais ng kanyang Ama sa paraang kanyang itinakda. Ito ay ang pagtatatag sa Paghahari ng Diyos sa pamamagitan ng mahirap na daan ng krus.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapag ako'y tinawagan, kaagad kong pakikinggan upang aking matulungang magkamit ng kaligtasan, dangal, at mahabang buhay.

Pagbati

P **–**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong tinukso't nagwagi para sa ating kaligtasan, ang pag-ibig ng Diyos Amang puno ng karunungan, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagpapalakas ay sumainyong lahat!
B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Nais nating tumalima sa kalooban ng Diyos. Ngunit madalas ay hindi natin ito kinakaya. Pagsisihan natin ang ating pagkahulog sa tukso at pagsuway sa nais ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

P **–**Para sa aming pagsisikap na mapagbigyan ang mga tao at hindi ikaw na aming Diyos, Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming labis na pagpapahalaga sa yaman at kapangyarihan ng daigdig na ito, Kristo, kaawaan mo kami!
B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming nais na iwanan ang daan ng krus at palitan ito ng higit na madaling buhay, Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B **– Amen!**

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, sa taun-taong pagdiriwang ng paghahandang apatnapung araw para sa Pasko ng Pagkabuhay, kami nawa ay lalong umunlad sa pagtuklas sa hiwaga ng tagumpay ni Kristo upang masundan namin siya sa pamumuhay na marangal bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Deut 26:4-10***

Ang sipi galing sa Aklat ng Deuteronomio ay nagsasaad ng munting kasaysayan ng Bayan ng Israel at ng pagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa Panginoong nagligtas sa kanila sa kaalipinan ng Egipto. Nagsimula ang kanilang lahi sa pagalagalang Arameo. Kailangan din nating maging bukas-loob sa mga kapatid nating banyaga.

L **–**Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

1 KUWARESMA K.indd 1 2/7/2019 3:32:28 PM

Sinabi ni Moises sa bayan: "Ang mga unang bungang inyong iaalay ay kukunin ng saserdote at ilalagay sa harap ng altar. Pagkatapos ay saysayin ninyo ito sa harapan ng Panginoon:

'Isang pagala-galang Arameo ang aming ninuno. Maliit ang kanyang sambahayan nang magpunta sila sa Egipto upang doon makipamayan. Ngunit dumating ang panahon na ang angkan niya'y naging malaki at makapangyarihang bansa. Hindi mabuti ang ginawang pakikitungo sa amin ng mga Egipcio. Pinahirapan nila kami at inalipin. Kaya, dumulog kami sa inyo, Panginoon, Diyos ng aming mga ninuno. At dininig ninyo kami. Nakita ninyo ang aming pagdurusa, ang kahirapan at kaapihang dinaranas. Sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan, ng mga kakila-kilabot na gawa at mga kababalaghan, inalis ninyo kami sa Egipto at dinala sa lupaing itong sagana sa lahat ng bagay. Kaya, narito ngayon, Panginoon, ang unang bunga ng aming mga pananim sa lupaing ibinigay mo sa amin.'

Pagkasabi noon, ang dala ninyo'y ilalapag sa harap ng altar, saka kayo luluhod upang sambahin ang Panginoon."

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 90*

B* –*Poon ko, ako'y samahan sa dusa at kahirapan!

R. M. Velez



*** Siyang naghahangad ng pagkupkop ng Kataas-taasan, at nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan; makapagsasabi sa kanyang Panginoon: "Muog ka't tahanan, ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan." *B.***

*** Di mo aabuting ika'y mapahamak, at walang daratal kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan. Susuguin niya ang maraming anghel, sila'ng susubaybay, kahit saang dako ikaw maparoon, tiyak iingatan. *B.***

*** Sa kanilang palad ay itatayo ka't, sila'ng magtataas nang hindi masaktan ang mga paa mo sa batong matalas. Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik, di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis. *B.***

*** Ang sabi ng Diyos, "Aking ililigtas ang tapat sa akin, at iingatan ko ang sino mang taong ako'y kikilalanin. Pag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan, aking sasamahan at kung may hilahil ay sasaklolohan; aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan." *B.***

Ikalawang Pagbasa *Ro 10:8-13*

Ang ating sipi galing sa Sulat sa mga taga-Roma ay nagpapahayag ng ating pananampalataya sa Pangalan ng Panginoong siyang bukal ng ating kaligtasan. Ang Ngalan ni Hesus ay ang taling nagbibigkis sa lahat ng tao, Judio man o Griego, sa iisang Bayan ng Diyos.

***L* –**Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Ito ang sinasabi ng Banal na Kasulatan, "Malapit sa iyo ang salita, nasa iyong mga labi at nasa iyong puso," ibig sabihi'y ang salitang ipinangangaral namin tungkol sa pananampalataya.

Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Hesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo'y napawawalang-sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo'y naliligtas. Sinasabi ng Kasulatan, "Hindi mabibigo ang sinumang nananalig sa kanya."

Walang pagkakaiba ang katayuan ng Judio at ng Griego. Iisa ang Panginoon ng lahat at siya ang nagkakaloob ng kanyang kayamanan sa lahat ng tumatawag sa kanya. Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita *Mt 4:4b*

B* –*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay kundi sa Salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita *Lu 4:1-13*

Ang ating Ebanghelyo ay naglalahad sa panunukso kay Hesus. Kay San Lucas, ang huling tukso ay ang naganap sa taluktok ng Templo ng Jerusalem. Ipinahahayag nito ang kahalagahang ibinibigay ni Lucas sa Banal na Lunsod ng Jerusalem, kung saan mag-aalay si Hesus ng kanyang buhay para sa ating kaligtasan.

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, umalis si Hesus sa Jordan, puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu doon sa ilang, at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso ng diyablo. Hindi siya kumain sa buong panahong iyon, kaya't gutom na gutom siya.

Sinabi sa kanya ng diyablo, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, iutos mo na maging tinapay ang mga batong ito." Ngunit sinagot siya ni Hesus, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.' " Dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na lugar at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian ng sanlibutan. "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ng mga kahariang ito," wika ng diyablo. "Ipinagkaloob ito sa akin at maibibigay ko sa kaninumang ibigin ko. Kaya't kung ako'y sasambahin mo, magiging iyong lahat ito." Sumagot si Hesus, "Nasusulat, 'Ang iyong Diyos at Panginoon ang sasambahin mo, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.' " At dinala siya ng diyablo sa taluktok ng templo ng Jerusalem, at sinabi sa kanya, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka, sapagkat nasusulat, 'Ipagbibilin niya sa kanyang mga anghel na ingatan ka at Aalalayan ka nila, upang hindi ka matisod sa bato.' " Subalit sinagot siya ni Hesus, "Nasusulat, 'Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos!' "

Pagkatapos siyang tuksuhin ng diyablo sa lahat ng paraan, ito'y umalis at naghintay ng ibang pagkakataon.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

1 KUWARESMA-K.indd 2 2/7/2019 3:32:32 PM

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Idulog natin sa Diyos ang ating mga pangangailangan sa Panahong ito ng Kuwaresma upang malabanan ang tukso at matupad ang nais ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang ating sasambitin ay:

B –Amang Bukal ng Karunungan at Lakas, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang pagsikapan nilang maitaguyod ang Paghahari ng Diyos sa pamamagitan ng pagtahak sa daan ng krus, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay huwag silang matakot sa hirap na kinakailangan sa paggawa ng mabuti sa kanilang kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang hindi sila masilaw sa kislap ng yaman at hindi sila malunod sa kapangyarihang kanilang taglay, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga taong malaki ang pagpapahalaga sa yaman at kapangyarihan, upang matanto nilang daan ng krus na tigmak ng hirap ang siyang magdudulot ng Paghahari ng Diyos sa ating daigdig, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang maging mabunga ang Kuwaresmang ito para sa atin sa pamamagitan ng pagsunod kay Hesus sa daan ng krus, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Ama naming bukal ng karunungan at lakas, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maunawaan namin ang Iyong kalooban at talikdan ang lahat ng tuksong maglalayo sa amin sa daan ng krus, na siyang tinahak ng Iyong Anak, na si Hesukristong aming Panginoon.

B –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, gawin mong kami'y maging marapat maghain sa pagdiriwang namin ngayon ng pagsisimula ng banal na panahon ng apatnapung araw na paghahanda para sa Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang kanyang apatnapung araw na pagtitiis ng kagutuman ay nagbibigay-kahulugan sa panahong ito ng pagpapakasakit para sa kapwa tao. Ang pagtalikod niya sa tuksong maging makasarili ay nagtuturo sa aming harapin ang pagpapakabuti upang kaisa niya'y maging malaya kami sa pagdulog sa hapag ng huling hapunan na siyang hantungan ng lahat sa kalangitan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B –* Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

B –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lililima't lulukuban ng bagwis n'yang malalabay ang kinakalingang tunay ng Poong D'yos nating banal, tapat at maaasahan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing iyong bigay ay tumanggap ng pampalakas ng pananampalataya, pampatibay ng pag-asa, at pampaalab ng pag-ibig. Matutuhan nawa naming damahin ang gutom at pananabik sa tunay na pagkaing nagbibigay-buhay

1 KUWARESMA K.indd 3 2/7/2019 3:32:32 PM

upang kami'y makapamuhay sa bawat salita na namumutawi sa iyong bibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik sandali.)*
Sa pagsisimula ninyo sa Panahon ng Kuwaresma, bigyan nawa kayo ng Panginoon ng lakas sa harap ng tukso.
***B* –Amen!**

***P* –**Dalisayin nawa ng Panginoon ang inyong mga kahilingan.
***B* –Amen!**

***P* –**Puspusin nawa kayo ng sagana Niyang pagpapala.
***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

Munting Katesismong Pangkuwaresma sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG MGA GAWAING PANGKUWARESMA

Panimula: Maraming iniuutos sa atin ang ating mga magulang. Madalas ay sinasabi nila sa atin hindi lamang kung ano ang dapat nating gawin kundi kung paano natin ito dapat gawin. Hindi lamang nila tayo sinasabihang magwalis, o maglaba, o magluto. Tinuturuan din nila tayo ng tamang paraan ng pagwawalis, ng paglalaba, at ng pagluluto.

Pagpapalalim: Ang Diyos ay nag-aatas din ng dapat nating gawin. Ngunit sa nais Niyang maibahagi sa atin ang Kanyang karunungan ay itinuturo rin Niya sa atin ang tamang paraan para magawa ang mga ito.

Pagbasa: Lucas 4:1-13

Buod: Malinaw ang nais ipagawa ng Ama sa Kanyang Anak na si Hesus. Ito ay ang pagtatatag ng Paghahari ng Diyos. Ngunit itinakda rin Niya ang paraan para magawa ito. Ito ay ang pagtahak sa Daan ng Krus. Ang mga tukso ng diyablo ay di upang hindi itatag ni Hesus ang Paghahari ng Diyos. Ang mga tukso ay para iwanan niya ang daan ng krus at maghanap ng higit na madaling daan.

Ang tukso tungkol sa bato na magiging tinapay ay para akitin ni Hesus ang mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga bagay na tutugon sa kanilang pangangailangang pangkatawan. Ang tukso hinggil sa yaman at kapangyarihan ng daigdig na ito ay upang makipagsabwatan si Hesus sa mga mayayaman at makapangyarihan para makuha ang mga kailangan sa pagtatatag ng Paghahari ng Diyos. Ang tukso sa pagpapatihulog sa taluktok ng Templo ay upang akitin ni Hesus ang mga tao sa pamamagitan ng mga himala at mahihiwagang gawain.

Marahil ay marami nga ang maaakit na tao at higit na gagaan at dadali ang pagtatatag ng Paghahari ng Diyos. Subalit hindi maitatatag ang Paghahari ng Diyos sa malalim at matibay na pundasyon. Ito ay ang pundasyon ng dalisay na pag-ibig. At ang pag-ibig ay tunay kapag may kalakip na hirap. Ang wagas na pag-ibig ay makikita lamang sa Daan ng Krus.

Pagsasabuhay: Sa panahong ito ng Kuwaresma ay dapat nating piliin ang Daan ng Krus para mapatunayan natin ang ating dalisay na pag-ibig sa Panginoon. Anong hirap ang kaya nating batahin para sa Kaniya?

Pagdiriwang: "Ama naming makapangyarihan, ginawa Mong halimbawang dapat tularan ang Tagapagligtas naming naging di iba sa amin para ang krus namin ay akuin. Pagindapatin Mong sa mga pagdiriwang ay aming kamtin ang kanyang ulirang pagkamatiisin at ang pakikisalo sa pagkabuhay niyang maningning. Sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. Amen."

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco • ***Circulation:*** R. Saldua